



OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 14 DISEMBRE 1995, 9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Batios	
Kagawad Angeles D. Bautista	
Kagawad Ramil O. Dimapilis	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	
Kagawad Ramulfo G. Bernal	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Honesto O. Taytay	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President

Hindi Nakadalo:

Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Lorna F. Dimapilis	- SK Chairman

KAPASYAHAN BLG. 060
Taong 1995

KAPASYAHANG HUMIHILING SA TANGGAPAN NG PANIALAWIGANG INGATYAMAN NG SILANGANG MINDORO, NA REPASUHIN AT OBLIGAHIN SA PAGBABAYAD NG GRAVEL FEE ANG MGA KONTRATISTA SA MGA PROYEKTONG KANILANG GINAWA/KASALUKUYANG GINAGAWA SA NASASAKUPAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay may mapagkukunan ng panambak na buhangin at graba o quarry kung saan ayon sa itinatadhana ng batas ang kinikita ay hinahati-hati para sa kabang-yaman ng barangay, munisipyo at lalawigan;

SAPAGKA'T sa loob halos ng taong 1995 ang pamahalaang bayan ng Roxas ay hindi pa nagkakaroon ng bahagi sa kinita ng nabanggit na quarry kahit na nga nagkaroon na ng mga Delivery Receipts (DR) sa mga pahakot na ginawa;

SAPAGKA'T napakaraming mga proyekto na ang naipagawa at kasalukuyang ginagawa sa bayan ng Roxas na walang pagbabayad na ginagawa ang mga kontratista sa dahilang ang koleksyon sa mga pagawaing-bayan ay buo nilang nakukuha sa Kagawaran ng Pagawain at Lansangang Bayan sa Calapan, Silangang Mindoro kung saan ang kaukulang halaga para sa gravel fee ay kasamang natatanggap;

SAPAGKA'T kalimitang nangyayari ang mga kontratista ay hindi na nakikipag-alan sa tanggapang kinaukulan upang magbayad ng nasabing gravel fee kaya't malaking halaga ang nawawala sa kabang-yaman ng pamahalaang bayan na karampatan lamang bayaran upang magamit sa mga proyekto at serbisyong pambarangay o pambayan;

SAPAGKA'T sa tila pagwawalambahala at pag-aabusong ito sa patuloy na pagkuha at paghakot ng mga kontratista ng trak-trak na buhangin at bato sa quarry sa bayang ito, maaaring ang mga deling-kwenteng korporasyon ay hindi na pahintulutang makakuha pa sa bayang ito kaya't pinagkaisahan ng Sangguniang Bayan ng

upfront

cel

[Signature]

Roxas na ipaabot sa kinauukulan ang kahilingang repasuhin ang mga paghakot na ginawa at obligahin ang mga kontratista sa pagbabayad ng gravel fee para sa mga proyektong kanilang ginawa at kasalukuyang ginagawa sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Angeles D. Bautista na sinang-
ayunan ng lahat -

IPINASIYA, gaya ng pagpapasyang ito na hilingin sa Tanggapan ng Panlalawigang Ingatyaman ng Silangang Mindoro na repasuhin at obligahin sa pagbabayad ng gravel fee ang mga kontratista sa mga proyektong kanilang ginawa at kasalukuyang ginagawa sa nasasakupan ng Roxas, Silangang Mindoro.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Panlalawigang Ingatyaman, Calapan, Silangang Mindoro para sa kanilang masusingsing pag-aaral at pagbibigay ng kaukulang aksyon sa kahilingang ito.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ang Kagawaran ng Pagawain at Lansangang Bayan, Calapan, Silangang Mindoro, ang E. L. Enriquez Construction, BARMAN Construction, MARCPHIL Construction at iba pang kontraktor sa bayang ito para sa kanilang suporta at karampatang aksyon sa bagay na ito.


Pinagtibay ng lahat.

04 December 1995.


CERTIFIED CORRECT:


VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:


JESUS M. DEMAPILES
Municipal Vice Mayor

APPROVED:


GELACIO I. YASON
Municipal Mayor